

# Mapagkukunang Kasangkapan ng Magulang



Makakakita sa ibaba ng mga diskarte at aktibidad na **iniangkop sa inyong anak**, na maaari ninyong gawin nang magkasama sa bahay upang mas maunawaan niya ang mahahalagang konsepto sa pagbabasa at matematika.

## Pagbabasa

Mga diskarte upang maging mas mahusay ang pag-unawa ng inyong anak sa pagbabasa sa baitang 4



### Pag-unawa/Pag-analisa sa Mga Genre

- Basahin ang aklat na binabasa ng inyong anak nang mag-isa, nang kasama siya, o pareho. Pag-usapan ang aklat habang binabasa ninyo ito, suriin ang mga pangunahing ideya at plot, at ipahayag ang inyong mga opinyon tungkol sa aklat. Pagkatapos ay magbasa ng isa pang aklat tungkol sa parehong paksa. Paghambingin ang pagtalakay ng mga nabanggit na aklat sa naturang isyu. Halimbawa, magbasa ng dalawang fiction na aklat tungkol sa pamilya, o dalawang teksto tungkol sa iisang makasaysayang pangyayari.



### Pag-unawa/Pag-analisa sa Mga Teksto ng Panitikan

- Maging isang modelo. Hayaan ang inyong anak na makitang nagbabasa rin kayo araw-araw. Pag-usapan ang mga aklat na pareho ninyong binabasa. Kung mas madalas makita ng mga bata ang isang gawi, mas malaki ang posibilidad na gayahin nila ito.



### Pag-unawa/Pag-analisa sa Mga Tekstong Nagbibigay ng Impormasyon

- Dalhin ang inyong anak sa mga lugar na maraming naka-print na non-fiction na materyales, gaya ng isang museo. Habang naglalakad kayo, basahin at talakayin ang makikita ninyong non-fiction na impormasyon.



### Pagsusulat ng Komposisyon, Pagbabago, at Pag-edit

- Hikayatin ang inyong anak na regular na magsulat ng mga liham o email sa isang kamag-anak na nakatira sa malayong lugar.

## Matematika

Mga diskarte upang mas maunawaan ng inyong anak ang matematika sa baitang 4



### Mga Pagkatawan at Ugnayan ng Mga Numero

- Gamit ang isang recipe, atasan ang inyong anak na magbigay ng mga fraction na katumbas ng dami ng mga nakasaad na sangkap. (Halimbawa, ang  $\frac{2}{3}$  na tasa ay katumbas ng  $\frac{4}{6}$  na tasa, o ang  $\frac{2}{8}$  na kutsarita ay katumbas ng  $\frac{1}{4}$  na kutsarita.)
- Ipsulat sa inyong anak ang fraction na katumbas ng bawat halaga sa isang resibo. Halimbawa,  $\$1.37 = \frac{137}{100}$ .



### Mga Pagkalkula at Ugnayan sa Algebra

- Atasan ang inyong anak na gamitin ang mga object sa paligid upang gumawa ng isang array ng dalawang numerong may 2 digit. Iugnay ang array sa multiplication equation. Halimbawa, ang array na may 12 column at 14 na row ay magiging 168 sa kabuuan. Ang equation ay  $12 \times 14 = 168$ .



### Geometry at Sukat

- Atasan ang inyong anak na sukatin ang haba ng isang object sa pulgada, talampakan, o sentimetro. Tanungin siya kung ano ang magiging kabuuang unit kung mayroon kayong 9, 12, o 23 ganoong object. Halimbawa, 8 pulgada ang haba ng isang notepad, kaya magiging 72 pulgada ang haba ng 9 na notepad sa kabuuan, dahil ang  $8 \times 9$  ay 72.



### Pag-analisa ng Data at Personal na Kaalaman sa Pananalapi

- Magpakita sa inyong anak ng badyet ng isang sambahayan. Atasan siyang tukuyin kung alin ang mga item na hindi nagbabago ang gastusin (fixed expense) at nagbabago ang gastusin (variable expense).
- Sa isang restaurant, tanungin ang inyong anak kung paano maaaring makaapekto ang mga hindi nagbabago at nagbabagong gastusin sa kita ng nasabing restaurant.

## Sulitin ang Oras sa Mga Conference sa Pagitan ng Mga Magulang at Guro

### Mga Halimbawa ng Maaaring Itanong sa Guro:

- Saan pinakainteresante ang aking anak sa paaralan?
- May malalapit bang kaibigan ang aking anak sa klase at sa paaralan?
- Ano ang pinakamahalagang bagay na maaari kong gawin upang maihanda ang aking anak para sa high school?
- Ibinibigay ba ng aking anak ang lahat ng kanyang makakaya?
- Ano ang maaaring gawin ng aking anak na hindi pa niya ginagawa?
- Kumusta ang pagsasagawa ng aking anak sa mga gawain sa inyong klase?

**28Q735**  
Natatanging Access Code

Para sa higit pang impormasyon, bumisita sa [www.texasassessment.com](http://www.texasassessment.com).

Mga May Alam na Magulang. Mas Mahuhusay na Paaralan

# Mga Resulta ng STAAR



MGA PAGTATASA SA PAGIGING HANDA SA PAGPASOK NG ESTADO NG TEXAS

## 2018 Report Card sa STAAR



### Tungkol sa Pagsusulit na STAAR

Sinagutan ng inyong anak ang STAAR noong Mayo 2018. Hinihiling ng pagsusulit na ito sa mga mag-aaral na sumagot ng mga tanong na sumusukat sa kaalaman at mga kasanayang kinakailangan nila upang maging handa para sa kolehiyo o trabaho. Kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa ulat na ito, mangyaring makipag-usap sa guro o punong-guro ng inyong anak, o matuto pa sa pamamagitan ng pagbisita sa [www.texasassessment.com](http://www.texasassessment.com).



## Mula sa Komisyonado

Ang mga pagsusulit ay bahagi ng buhay. Kukuha ng pagsusulit ang ating mga anak upang makakuha ng lisensya sa pagmamaneho, upang makapasok sa kolehiyo, at pati na rin upang makapasok sa ilang partikular na trabaho. Dahil isa rin akong magulang na may dalawang anak, alam kong walang isang pagsusulit ang makakapagsabi sa akin ng lahat ng tungkol sa aking mga anak. Ngunit idinisenyo ang mga pagsusulit ng STAAR na magbigay ng kapaki-pakinabang na impormasyon tungkol sa kung gaano karami ang natutunan ng ating mga anak sa paaralan at kung gaano sila kahanda para sa susunod na antas ng buhay.

Ang mga mag-aaral na makakatugon o magiging bihasa sa antas ng baitang pagsapit ng pagtatapos sa high school ay mayroong mahigit sa 60% pagkakataon ng pagpasa sa kanilang mga klase sa kolehiyo, na siyang labis na magpapataas sa kanilang mga panghabambuhay na kikitain at posibilidad na magtagumpay. Nilalayan ng ulat na ito na magbigay sa inyo ng impormasyon tungkol sa kung gaano kahusay na natutunan ng inyong anak ang akademikong materyales sa paaralan ngayong taon at kung paano ninyo siya matutulungan na mas matuto pa.



Mike Morath, Komisyonado ng Edukasyon

## Ang Kahulugan ng Mga Resulta

Ilipinapakita ng ulat na ito ang naging pagganap ng inyong anak sa pagtatasa. May 4 na antas ang Pagganap.



### BIHASA SA ANTAS NG BAITANG

Nagpakita ng pagiging bihasa sa kaalaman at mga kasanayan sa kurso — nasa tamang daan ang mag-aaral para sa pagiging handa sa kolehiyo at karera.



### NAKAKATUGON SA ANTAS NG BAITANG

May malawak na kaalaman sa nilalaman ng kurso — nakahanda ang mag-aaral na magpatuloy sa susunod na baitang.




### MALAPIT NANG MAKATUGON SA ANTAS NG BAITANG

May kaunting kaalaman sa nilalaman ng kurso, ngunit maaaring may napalampas na mga kritikal na elemento — kailangan ng mag-aaral ng karagdagang suporta sa paparating na taon.



### HINDI NAKAKATUGON SA ANTAS NG BAITANG

Hindi nagpakita ng pangunahing pagkaunawa sa mga inaasahan sa kurso — maaaring kailanganin ng mag-aaral ng matatag na suporta sa paparating na taon.



# Pagganap: Ika-4 Baitang

John Smith

Nakatalang Baitang: 4

Petsa ng Kapanganakan: 04/01/01 ID ng Mag-aaral: \*\*\*\*\*9747 Lokal na ID ng Mag-aaral: --- Distrito: 257-999 ZY CRUSE ISD

## Ang Pagganap ng Inyong Anak sa Isang Sulyap



**Nakakatugon**  
sa Antas ng Baitang  
Petsa ng Pagsusulit: Tagsibol 2018





**Nakakatugon**  
sa Antas ng Baitang  
Petsa ng Pagsusulit: Tagsibol 2018



**Nakakatugon**  
sa Antas ng Baitang  
Petsa ng Pagsusulit: Tagsibol 2018

### Pagbabasa Petsa ng Pagsusulit: Tagsibol 2018



KATEGORIYA	NASAGOT NANG TAMA
1. Pag-unawa/Pag-analisa sa Mga Genre	2 sa 8
2. Pag-unawa/Pag-analisa sa Mga Teksto ng Panitikan	15 sa 15
3. Pag-unawa/Pag-analisa sa Mga Tekstong Nagbibigay ng Impormasyon	13 sa 13


KABUUAN 30 sa 36

**86th PERCENTILE**

Ang inyong anak ay nakakuha ng pareho o mas mataas sa 86% ng lahat ng mag-aaral sa Baitang 4 sa Texas.

s = STAAR Spanish

### Matematika Petsa ng Pagsusulit: Tagsibol 2018



KATEGORIYA	NASAGOT NANG TAMA
1. Mga Pagkatawan at Ugnayan ng Mga Numero	9 sa 9
2. Mga Pagkalkula at Ugnayan sa Algebra	8 sa 11
3. Geometry at Sukat	7 sa 10
4. Pag-analisa ng Data at Personal na Kaalaman sa Pananalapi	3 sa 4



KABUUAN 27 sa 34

**86th PERCENTILE**

Ang inyong anak ay nakakuha ng pareho o mas mataas sa 86% ng lahat ng mag-aaral sa Baitang 4 sa Texas.

Ibinigay na Pagsusulit sa STAAR Spanish

### Pagsusulat Petsa ng Pagsusulit: Tagsibol 2018



KATEGORIYA	Pinagsama-samang Marka
Nakasulat na Komposisyon	6 sa 8

Maraming Opsyon	Nasagot Nang Tama
1. Pagbabago	0 sa 8
2. Pag-edit	16 sa 16

Kabuuan ng Maraming Opsyon 16 sa 24

KABUUAN 22 sa 32

**66th PERCENTILE**

Ang inyong anak ay nakakuha ng pareho o mas mataas sa 66% ng lahat ng mag-aaral sa Baitang 4 sa Texas.

Ibinigay na Pagsusulit sa STAAR Spanish

**28Q735**  
Natatanging Access Code

### Gusto ng Higit Pang Sanggunian Upang Matulongan ang Inyong Anak sa Paaralan?

Para sa mga kapaki-pakinabang na tip at tool, kasama ang impormasyon tungkol sa pagpapahusay sa mga kasanayan sa matematika at paglahok sa isang summer math challenge mula sa bahay, mangyaring bumisita sa [www.texasassessment.com](http://www.texasassessment.com).

1

Pumunta sa [www.texasassessment.com](http://www.texasassessment.com)

2

Tingnan ang inyong natatanging access code sa monitor sa kaliwa

3

Ilagay ang code at mag-click sa button upang mag-log in at matuto pa!



# Pag-usad: Mula sa Nakaraang Taon


John Smith

Campus: 042 YAHOO M S Pangkat ng Klase: SEC E FOUR FIVE Petsa ng Ulat: HUNYO 2018 Petsa ng Pagsusulit: TAGSIBOL 2018

## Pagbabasa

### Mabilis na Pag-usad


Nagpakita ang Inyong Anak ng Pag-usad na Mas Mabilis Kaysa sa Inaasahan sa Loob ng 1 Taong Pagtuturo



## Matematika

### Mabilis na Pag-usad

Nagpakita ang Inyong Anak ng Pag-usad na Mas Mabilis Kaysa sa Inaasahan sa Loob ng 1 Taong Pagtuturo



## Ang Kasaysayan ng Pagsukat sa Pagbabasa ng Inyong Anak (Sukat ng Lexile®)


Ipinapahiwatig ng sukat ng Lexile kung gaano kahirap ang mga materyales na matagumpay na nababasa ng inyong anak.

Narito ang ilang aklat na inirerekomenda para sa baitang ng inyong anak.



### Ang Kasaysayan ng Lexile ng Inyong Anak

Kasalukuyang Sukat ng Lexile: **950L**



Inaasahang Hanay ng Antas ng Baitang

Copyright © 2017 MetaMetrics.



### Matuto Pa Tungkol sa Antas sa Lexile ng Inyong Anak

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa kasaysayan ng antas ng pagbabasa ng inyong anak, kasama ang isang interactive na Lexile Growth Planner™ at Kasangkapan sa Paghahanap ng Aklat, bumisita sa [www.texasassessment.com/lexile](http://www.texasassessment.com/lexile).